

---

## Ang Digital Transition

### Ano ang transisyon sa digital TV (DTV)?

Ang paglipat mula analog patungong digital broadcast television ay tinatawag na digital TV (DTV) transition. Noong 1996, pinahintulutan ng U.S. Congress ang distribusyon ng isang karagdagang broadcast channel sa bawat broadcast TV station upang masimulan nila ang isang digital broadcast channel habang sabay na ipinagpapatuloy ang kanilang analog broadcast channel. Pagkatapos noon, iniutos ng Congress na ang ika-17 ng Pebrero 2009 ang magiging huling araw para sa pag-broadcast sa analog ng full-power television stations. Ang broadcast stations sa buong U.S. ay kasalukuyang nagpapalabás sa analog at digital. Pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009, ang full-power television stations ay magpapalabás na lamang sa digital.

[Bumalik sa tuktok](#)

### Bakit tayo lumilipat sa DTV?

Ang mahalagang benepisyo sa paglipat sa all-digital broadcast ay malilibre nito ang mga parte ng mahalagang broadcast spectrum para sa komunikasyon sa kaligtasan ng publiko (tulad ng pulis, mga bombero, at mga rescue squad). At ang ilan sa spectrum ay ibebenta sa pamamagitan ng auction sa mga kompanya na makapagbibigay sa mga consumer nang mas advanced wireless services (tulad ng wireless broadband).

Ang consumers ay magbebenepisyo rin dahil pinahihintulutan ng digital broadcasting ang mga istasyon na magbigay ng mas mahusay na picture at sound quality, at ang digital ay mas efficient kaysa sa analog. Halimbawa, sa halip na makapagbigay ng isang analog program lamang, ang isang broadcaster ay makapagbibigay ng napakalinaw na “high definition” (HD) digital program o multiple “standard definition” (SD) digital programs nang sabay sa pamamagitan ng isang proseso na tinatawag na “multicasting.” Pinahihintulutan ng multicasting ang mga broadcast station na mag-alok ng maraming channel ng digital programming nang sabay-sabay, gamit ang parehong dami ng spectrum na kinakailangan para sa isang analog program. Kaya halimbawa, habang ang isang station broadcasting na nasa analog sa channel 7 ay nakapag-aalok lamang ng isang programa sa mga nanonood, ang isang station broadcasting na nasa digital sa channel 7 ay makapag-aalok sa mga nanonood ng isang digital program sa channel 7-1, isang pangalawang digital program sa channel 7-2, isang pangatlong digital program sa channel 7-3, atbp. Ibig sabihin nito, mas maraming mapagpipiliang programming ang mga manonood.

[Bumalik sa tuktok](#)

### Ano ang kailangan ko upang maghanda para sa katapusan ng analog TV broadcasting?

Dahil iniutos ng Congress na ang huling araw para sa pag-broadcast ng full-power television stations sa analog ay sa ika-17 ng Pebrero 2009, ang over-the-air TV broadcasts ay nasa digital na lamang pagkatapos ng petsang iyon. Kung mayroon kang isa o higit pang mga TV na tumatanggap ng libreng over-the-air television programming (gamit ang isang antenna sa bubong o “rabbit ears” sa TV), ang uri ng TV na mayroon ka ay mahalagang-mahalaga. Ang isang digital television (isang TV na may internal digital tuner) ay magpapahintulot sa iyo na patuloy na manood ng libreng over-the-air programming pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009. Gayunman, kung mayroon kang isang analog television, kakailanganin mo ang isang digital-to-analog converter box upang patuloy na manood ng broadcast television sa set na iyon. Pahihintulutan ka

rin ng converter box na ito na manood ng anumang karagdagang multicast programming na inaalok ng mga istasyon sa iyong lugar.

Upang tulungan ang mga consumer sa DTV transition, itinatag ng Gobyerno ang Digital-to-Analog Converter Box Coupon Program. Ang National Telecommunications and Information Administration (NTIA), na bahagi ng Department of Commerce, ang namamahala sa programang ito. Ang bawat tahanan sa U.S. ay karapat-dapat na makatanggap ng hanggang dalawang coupon, na nagkakahalaga ng \$40 para sa bawat isa, para sa pambili ng kwalipikadong digital-to-analog converter boxes. Simula sa Enero 2008, nagsimula nang tumanggap ang NTIA ng mga aplikasyon para sa mga coupon. Ang mga coupon ay maaari lamang gamitin para sa kwalipikadong converter boxes na ibinebenta sa mga kalahok na consumer electronics retailers, at ang mga coupon ay dapat gamitin kapag bumibili. (Mangyaring tandaan na ang mga coupon na ito ay may bisâ lamang ng 90 araw pagkatapos ito ihulog). Tinatantiya ng mga tagagawa na ang digital-to-analog converter boxes ay ibebenta ng \$40 hanggang \$70 para sa bawat isa. Ito'y isang beses lamang na gastos. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Digital-to-Analog Converter Box Coupon Program, bisitahin ang [www.dtv2009.gov](http://www.dtv2009.gov), o tumawag sa 1-888-388-2009 (voice) o 1-877-530-2634 (TTY).

Ang cable at satellite TV subscribers na may mga analog TV na nakakabit sa kanilang cable o satellite service ay hindi dapat maapektohan ng ika-17 ng Pebrero 2009 na cut-off na petsa para sa full-power analog broadcasting.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Kailangan ko bang maghintay pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009 upang manood ng DTV?**

Hindi, makukuha na ngayon ang digital television. Kung manonood ka ngayong araw na ito ng over-the-air television, dapat ay matatanggap mo ang lahat o halos lahat ng digital signals ng mga istasyon sa iyong lugar kung mayroon kang DTV receiver. Mapapanood mo ang high definition at multicast programming mula sa mga istasyon sa iyong lugar. Itsek ang mga listing ng programa sa iyong lugar o kontakin ang mga istasyon ng TV sa iyong lugar para sa karagdagang impormasyon tungkol sa digital television na makukuha ngayon. Ang special website ng FCC, [www.dtv.gov](http://www.dtv.gov), ay may karagdagang impormasyon tungkol sa digital television, o kaya tumawag sa 1-888-225-5322 (TTY: 1-888-835-5322).

[Bumalik sa tuktok](#)

### **libahin kaya ang petsang ika-17 ng Pebrero 2009 para sa katapusan ng full-power analog television broadcasting?**

Iniutos ng pederal na batas na ang ika-17 ng Pebrero 2009 ay ang huling araw ng full-power analog television broadcasting. Ang mga ahensiya ng gobyerno, industriya, mga grupo para sa kaalaman ng publiko, at ang ibang mga interesadong organisasyon ay nagsisikap na masigurado na matutugunan ang deadline at na ang lahat ay handa para sa katapusan ng full-power analog television broadcasting.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Kung mayroon akong mas lumang analog television, kailangan ko ba itong itapon pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009?**

Hindi. Pahihintulutan ka ng isang digital-to-analog converter box na patuloy na gamitin ang iyong kasalukuyang analog TV upang panoorin ang over-the-air digital broadcasts. Hindi mo kailangang itapon ang iyong kasalukuyang analog TV. Bukod pa rito, ang analog sets ay dapat patuloy pa ring gumana tulad ng dati kung ito'y konektado sa isang subscription service tulad ng cable o satellite TV. At ang analog sets ay dapat patuloy pa ring gumana sa gaming consoles, VCRs, DVD players, at mga katulad na produktong ginagamit mo ngayon.

[Bumalik sa tuktok](#)

## Ang Iyong Television

### Kung gusto ko ng isang bagong TV, kailangan ko bang bumili ng isang High Definition TV (HDTV) upang manood ng digital broadcast television pagkatapos ng transition?

Hindi. Mahalagang maunawaan na ang DTV transition ay isang transition mula analog broadcasting patungong digital broadcasting. Hindi ito isang transition mula analog broadcasting patungong High Definition broadcasting. Pinahihintulutan ng digital broadcasting ang High Definition broadcasts, pero hindi kinakailangan ang High Definition, at hindi mo kailangang bumili ng HDTV upang manood ng digital TV. Ang isang Standard Definition DTV (na isang TV lamang na may internal digital tuner), o isang digital-to-analog converter box na nakakabit sa isang analog TV ang kinakailangan lamang upang patuloy na manood ng over-the-air broadcast television. Kasama sa digital broadcast television ang Standard Definition (SD) at High Definition (HD) formats. Mapapanood mo ang High Definition programming sa isang Standard Definition DTV (o sa isang analog TV na nakakabit sa isang digital-to-analog converter box), pero hindi ito full High Definition quality. Mahalaga ring malaman na ang presyo ng Standard Definition DTVs ay kapareho ng presyo ng mga analog TV na kasing laki.

[Bumalik sa tuktok](#)

### Paano ko masisigurado na bumibili ako ng digital TV (DTV)?

Ayon sa batas, simula sa ika-1 ng Marso 2007, ang lahat ng television reception devices (kasama ang mga TV, mga VCR, mga DVR, atbp.) na ipinapasok sa U.S. o ipinapadala ng isang estado sa ibang estado ay dapat may kasamang digital tuner. Maaaring patuloy na magbenta ang retailers ng analog-only devices mula sa kasalukuyang imbentaryo, pero ang device na analog lamang ay dapat kabitan ng Consumer Alert na madaling makita (o na malapit dito) kung saan nakalagay ang sumusunod:

#### **CONSUMER ALERT**

**Ang television receiver ay mayroong analog broadcast tuner lamang at kakailanganin nito ang isang converter box pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009, upang makakuha ng over-the-air broadcasts gamit ang isang antenna dahil ang Bansa ay lumilipat na sa digital broadcasting. Dapat patuloy na gumana ang analog lamang na mga TV tulad ng dati sa cable at satellite TV services, gaming consoles, VCRs, DVD players, at mga katulad na produkto. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Federal Communications Commission sa 1-888-225-5322 (TTY: 1-888-835-5322) o bisitahin ang digital television website ng Commission sa: [www.dtv.gov](http://www.dtv.gov).**

Samakatwid, ang lahat ng television equipment na ibinebenta ay dapat may nilalamang digital tuner, o dapat alamin habang binibili ito na ito'y walang digital tuner. Siguraduhing tingnan ang label na ito at ang mga limitasyon ng analog-only devices kung ikaw ay bumibili ng bagong TV o ibang TV equipment.

[Bumalik sa tuktok](#)

### Paano ko malalaman kung mayroon na akong digital TV (DTV)?

Maraming DTVs at digital television equipment ang magkakaroon ng mga label o marka, o mga pahayag sa naka-print na impormasyon na kasama ng mga ito, upang ipahayag na mayroon silang digital tuners. Ang mga label o mga markang ito ay maaaring maglaman ng mga salitang "Integrated Digital Tuner," "Digital Tuner Built-In," "Digital Receiver," o "Digital Tuner," "DTV," "ATSC," o "HDTV" (High Definition television). Kung ang iyong television equipment ay naglalaman ng alinman sa labels o markang ito, dapat ay makapapanood ka ng digital over-the-air programming nang hindi kinakailangan ang isang digital-to-analog converter box. (Tandaan na hindi mo kailangan ng HDTV upang panoorin ang libreng over-the-air digital programming. Basta may digital tuner ang iyong television equipment, makakapanood ka ng over-the-air digital. Ang

HDTV ay kinakailangan lamang kung gusto mong manood ng High Definition programming sa full HD quality.) Dapat mo ring itsek ang manual o anumang naka-print na materyales na kasama ng iyong television equipment upang malaman kung ito'y naglalaman ng isang digital tuner.

Kung ang iyong TV set ay may label na "Digital Monitor" o "HDTV Monitor," o may nakasulat na ito'y "Digital Ready" o "HDTV Ready," hindi ibig sabihin na ito'y mayroon talagang digital tuner. Samakatwid, malamang na mangangailangan pa rin ito ng hiwalay na set-top box na naglalaman ng digital tuner upang mapanood ang over-the-air digital programming.

Ang over-the-air digital set-top boxes para sa Digital o HD "Monitors" ay mabibili sa retail stores. Ang cable at satellite TV providers ay nagbebenta o nagpapa-renta din ng digital set-top boxes para sa kanilang mga ispesipikong serbisyo. (Paunawa: ang digital set-top box na nakalarawan dito ay hindi kapareho ng digital-to-analog converter box, na nakalarawan sa itaas, na ginagamit upang i-convert ang libreng over-the-air digital broadcasts para mapanood sa isang analog TV set.)

Kung ang label ng iyong TV ay "analog" o kaya "NTSC," at WALANG label na nagsasabing naglalaman ito ng digital tuner, ito'y may analog tuner lamang.

Kung hindi mo matiyak kung ang iyong TV o ibang television equipment ay may nilalamang digital tuner, dapat mong itsek ang iyong equipment upang malaman ang pangalan ng manufacturer at ang model number, at pagkatapos ay kontakin ang iyong consumer electronics retailer, o ang manufacturer, upang malaman kung ito'y naglalaman ng isang digital tuner. Ang impormasyon na ito ay makukuha rin online sa website ng manufacturer.

Dahil ang karamihan sa mga broadcast station sa buong U.S. television markets ay nagbro-broadcast na sa digital, ang mga consumer ay makapapanood ng DTV ngayon. Maaari mong kontakin ang mga broadcast station sa iyong lugar upang malaman ang mga channel kung saan kasalukuyang nagbro-broadcast ang mga istasyon ng digital programming. Pagkatapos ay dapat mong siguraduhin na ang iyong TV ay naka-set up upang tumanggap ng over-the-air programming (na naiiba sa pagiging konektado sa isang binabayaranang provider tulad ng cable o satellite TV service), at pagkatapos ay mag-tune sa over-the-air digital channels upang malaman kung ang iyong set ay makakatanggap ng digital broadcast programming.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Ano ang pagkakaiba ng "Integrated" DTVs at DTV o HDTV "Monitors"?**

Ang isang Integrated DTV set ay isang TV na may built-in digital tuner (tinatawag ding "isang DTV"). Ang isang digital tuner ay minsan tinatawag ding DTV decoder o DTV receiver. Kung mayroon kang Integrated DTV, hindi ka mangangailangan ng anumang karagdagang equipment, maliban sa broadcast antenna (isang antenna sa bubong o "rabbit ears" na nakakabit sa set), upang makuha ang over-the-air digital broadcast programming. Ang integrated DTVs ay makakatanggap at makaka-display din ng analog broadcast programming, kaya maaari kang patuloy na manood ng analog broadcasts.

Kumpara dito, ang isang DTV Monitor ay hindi makakatanggap ng digital broadcast programming nang walang karagdagang equipment; ito'y isa lamang display device na walang kapasidad na magprosesos para sa DTV reception. Ang isang digital o HD set-top box ay dapat nakakabit sa pagitan ng antenna at monitor upang tumanggap at mag-display ng over-the-air digital o HD programming.

Kung mayroon kang isang digital o HD "Monitor" at nais mong bumili ng isang digital o HD set-top box upang manood ng over-the-air programming, siguraduhin sa iyong retailer na ang set-top box ay akma sa iyong Monitor.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Paano naman ang aking VCR, DVD player, camcorder, at gaming console? Magagamit ko ba ang mga ito sa isang digital television set?**

Oo. Ang digital television sets ay “backward compatible,” ibig sabihin, ang mga kasalukuyang analog equipment (VCRs, DVD players, camcorders, video games, atbp.) ay magagamit sa digital TV sets. Gayunman, ang kanilang video ay maipin-display lamang sa maximum resolution na makukuha sa bawat analog product. Ang mga manufacturer ay gumagawa ng ilang iba’t-ibang mga connector upang pagkabit-kabitin ang equipment at pahusayin ang picture at sound quality kapag ginagamit ang mga DTV sa kasalukuyang analog equipment. Tanungin sa iyong retailer kung anu-ano ang mga uri ng connector na gagana sa iyong equipment.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Paano ako makakakuha ng DTV o HDTV programming?**

Upang makatanggap ng over-the-air digital programming (at hindi digital programming mula sa isang binabayaranang provider tulad ng cable o satellite TV service), kakailanganin mo ng: (1) isang DTV (isang TV na may digital tuner) o isang analog TV na nakakabit sa isang digital-to-analog converter box at (2) isang broadcast antenna (isang antenna sa bubong o “rabbit ears” na nakakabit sa iyong set). Sa pangkalahatan, ang isang antenna na nagbibigay ng mahusay na reception ng over-the-air analog TV broadcasting ay gagana para sa digital TV broadcasting.

Ang listahan ng U.S. TV stations na nagbro-broadcast ng digital programming ay makukuha sa <http://www.fcc.gov/mb/video/files/dtvonair.html>. May satellite TV providers at maraming cable systems na kasalukuyang nag-aalok ng digital programming. Dapat tanungin ng mga subscriber sa kanilang service provider kung anong digital programming ang makukuha sa kanilang lugar.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Kailangan ko ba ng isang special antenna upang makakuha ng DTV over-the-air?**

Sa pangkalahatan, ang maaasahang reception ng over-the-air digital TV programming ay mangangailangan ng parehong uri ng signal reception equipment na kasalukuyang gumagana upang magbigay ng mahusay na reception ng analog TV programming. Kung kailangan mo ng isang antenna sa bubong upang tumanggap ng analog TV broadcasts, ang parehong antenna ay karaniwang gagana upang makakuha ng digital TV broadcasts. Hindi mo na dapat kailangan bumili ng mga bagong antenna na binebenta bilang “digital ready” o “HD ready.”

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Ano ang mangyayari sa mga lumang analog TV na papalitan ng mga DTV? May recycling ba para dito?**

Mayroong mga recycling na programa para sa mga mas gustong magtapos sa kanilang mga lumang TV o ibang lumang elektronikong produkto (pero tandaan na ang mga analog TV ay maaari pa ring gamitin pagkatapos ng transition). Ang isang ganoong program ay ang myGreenElectronics. Sa pamamagitan ng programang ito, malalaman mo ang mga opsyon sa pagtapon at mahahanap mo ang mga recycling na programa malapit sa iyo. Magpunta sa <http://www.mygreenelectronics.org> para sa karagdagang impormasyon.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Cable at Satellite**

### **Naaapektohan ba ng DTV transition ang mga TV set na konektado sa cable services?**

Hindi. Kung nagsu-subscribe ka sa cable service, hindi dapat maapektohan ng DTV transition ang anumang TV set na konektado sa iyong cable services. Ang DTV transition ay umaaplay lamang sa full-power broadcast television stations – mga istasyon na gumagamit ng public airwaves upang i-transmit ang kanilang programming sa mga viewers sa pamamagitan ng isang broadcast antenna.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Pinalilipat ba ng FCC ang cable companies sa digital service?**

Hindi. Ang cable companies ay hindi kinakailangang lumipat sa digital service. Maaaring piliin ng cable companies na gawing buong digital o bahagi lamang na digital ang kanilang service, pero hindi sila kinakailangang magbago mula sa analog service na inaalok nila ngayon. Sa katotohanan, iniaatas ng FCC sa cable companies na patuloy magbigay ng local stations sa analog basta nagbibigay sila ng anumang analog service, kahit pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Maaari ba akong pilitin ng aking cable company na kumuha ng box upang makuha ang cable channels na nakukuha ko ngayon nang walang box?**

Nagpasiya ang ilang cable companies na lumipat sa digital service. Ito'y isang desisyon sa negosyo na ginawa ng cable companies at hindi ito iniaatas ng pederal na gobyerno. Maaaring pagpasiyahan ng iyong cable company na tanggalin ang ilang cable channels sa kanyang analog service tier at ilagay ito sa isang digital service tier, o kaya'y maaaring pagpasiyahan nitong lumipat kaagad sa all-digital service, kung kaya't walang analog service tier para sa sinumang subscriber. Kung nagpasiya ang iyong cable company na ilipat ang ilan o lahat ng mga channel na ibinibigay nito sa isang digital service tier, maaari nitong sabihin sa iyo na kailangan mo ng "digital cable" equipment upang patuloy na makuha ang cable service na iyon. Maaaring kasama dito ang pagrenta o ang bumili ng isang digital cable set-top box o ang bumili ng isang digital cable ready TV na may "CableCARD" slot. Ang digital cable equipment ay naiiba sa digital-to-analog converter boxes na ginagamit upang makakuha ng over-the-air broadcast signals.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Paano ko malalaman kung mayroon na akong digital programming sa pamamagitan ng aking cable o satellite TV service?**

Maaaring makakuha ka ng digital programming kung magsu-subscribe ka sa isang digital o HD package mula sa iyong provider at pinapanood mo ang digital programming sa isang digital set. Gayunman, ang digital cable tier at satellite TV service ay maaaring hindi DTV. Maaaring gumagamit ang iyong cable o satellite TV system ng digital technology bilang mas mainam na paraan upang magbigay sa iyo ng analog programming. Kung mayroon kang analog television set, malamang na hindi digital ang nakukuha mo, kahit na medyo humusay ang reception. Magtanong sa iyong cable o satellite TV provider kung anu-ano ang mga uri ng programming na matatanggap mo, at kung anong equipment ang kailangan mo upang makuha ito.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Ang aking cable operator ay nag-aalok ng digital cable package. Pareho ba ito ng HDTV?**

Hindi. Ang "digital cable" at high definition programming sa cable ay hindi magkapareho. Kung nais mong manood ng HDTV programming sa cable, kakailanganin mong mag-subscribe sa HDTV package ng iyong cable provider at panoorin ang programming sa isang HDTV set.

Maaaring kailangan mo rin ng isang set-top box o ibang equipment upang panoorin ang HDTV programming. Magtanong sa iyong cable provider kung anu-ano ang mga uri ng programming na matatanggap mo, at kung anong equipment ang kailangan mo upang makuha ito.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Kailangan din ba lumipat ang cable TV networks, tulad ng CNN, MSNBC, Lifetime, atbp, sa digital broadcasting?**

Hindi. Ang kasalukuyang pangangailangang lumipat mula analog patungong digital ay umaaplay lamang sa full-power broadcast TV stations, na gumagamit ng public airwaves upang magbigay ng libreng over-the-air programming. Gayunman, habang lumilipat ang cable providers sa digital transmissions mulal sa kanilang mga system, maaaring kailangan mong mag-subscribe sa kanilang digital tier upang patuloy na makuha ang non-broadcast programming na ito.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Maaari bang ilipat ng aking cable system ang programming sa isang digital tier kung saan kailangan akong mag-subscribe sa digital service?**

Ang iyong cable system ay magpapasiya kung kailan at kung ililipat ang programming sa isang digital tier, at maaaring ibig sabihin nito na kailangan mo ng digital equipment. Gayunman, ang lahat ng mga istasyon sa iyong lugar ay patuloy na makukuha sa analog format hanggang may inaalok na anumang analog service ang iyong cable system.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Kailangan bang bumili o mag-rent ng isang set-top box mula sa kanilang cable company ang mga cable customer na may mga analog TV ? Kung ganoon, magkano ito?**

Unang-una, mahalagang malaman na ang ika-17 Pebrero 2009 na deadline para sa digital television transition ay umaaplay lamang sa full-power broadcast stations. Ang cable companies ay hindi inaatasan ng gobyerno na ilipat ang kanilang mga system sa digital, at maaaring patuloy na magdeliber ng channels sa kanilang mga customer sa analog. Utos ng mga patakaran ng FCC sa cable companies na patuloy na mag-alok ng local broadcast stations sa kanilang mga customer sa analog basta mayroon silang inaalok na anumang analog service. Ang pangangailangang ito ay magpapatuloy ng tatlong taon man lamang pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009. Magpapasiya ang Commission sa 2011 kung ang pangangailangan ay dapat ipagpatuloy pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2012. Ibig sabihin, ang mga customer na tumatanggap ng analog cable service (nang walang cable set-top box) ay patuloy na makatatanggap nito.

Gayunman, dahil sa mga dahilan sa negosyo (halimbawa, ang digital ay mas efficient kaysa sa analog), maaaring interesado ang cable companies sa paglipat ng kanilang mga system mula analog delivery patungong digital delivery. Kung nagpasiya ang isang cable company na maging all-digital (ibig sabihin, hindi na ito mag-aalok ng anumang mga channel sa analog sa kanyang mga customer, dapat nito siguraduhin na maaaring patuloy na mapanood ng kanilang mga analog customer ang kanilang local broadcast stations. Maaaring kailangang kumuha ang mga customer na may analog television ng isang set-top box. Kung nagbigay ang cable company sa customer ng isang set-top box, titiyakin ng cable company ang anumang mga gastos na may kinalaman dito. Sa gayon, inirekomenda na kontakin ng analog cable customers ang kanilang cable company upang malaman kung kakailanganin ang isang set-top box, kung kailan ito kakailanganin, at kung may babayaran para dito.

Mahalaga ring tandaan na ang isang cable set-top box ay naiiba sa isang digital-to-analog converter box. Ang isang digital-to-analog converter box ay kinakailangan lamang para sa mga analog TV na tumatanggap ng kanilang programming over-the-air gamit ang isang antenna sa bubong o "rabbit ears" na nakakabit sa set. Ang isang digital-to-analog converter box ay hindi kinakailangan para sa isang TV na nakakabit sa isang may bayad na television service tulad ng isang cable o satellite TV provider. Ang impormasyon tungkol sa anumang set-top boxes na

kinakailangan para sa isang may bayad na service tulad ng cable o satellite ay dapat kunin mula sa service provider.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Naaapektohan ba ng DTV transition ang mga TV set na nakakabit sa satellite TV service?**

Hindi maaapektohan ng DTV transition ang satellite TV subscribers na tumatanggap ng kanilang local TV stations gamit ang kanilang satellite dishes. Ang satellite TV service ay isang digital service at ang lahat ng satellite subscribers ay dapat may set-top box na nakakabit sa kanilang mga TV upang makuha ang programming mula sa satellite. Sa gayon, dapat walang pagbabago sa service para sa satellite subscribers maliban kung ang local TV stations ay hindi ibinibigay ng satellite carrier. Kung ikaw ay nagsu-subscribe sa isang satellite TV service, dapat mong tanungin sa iyong provider kung kumukuha ka ng local TV station package gamit ang iyong satellite dish.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Converter Box**

### **Ano ang Converter Box Coupon Program?**

Upang tulungan ang mga consumer sa DTV transition, itinatag ng Gobyerno ang Digital-to-Analog Converter Box Coupon Program. Ang National Telecommunications and Information Administration (NTIA), na bahagi ng Department of Commerce, ang namamahala sa programang ito. Ang bawat tahanan sa U.S. ay karapat-dapat na makatanggap ng hanggang dalawang coupon, na nagkakahalaga ng \$40 para sa bawat isa, para sa pambili ng kwalipikadong digital-to-analog converter boxes. Simula sa Enero ng 2008, nagsimula nang tumanggap ang NTIA ng mga aplikasyon para sa mga coupon. Ang mga coupons ay maaari lamang gamitin para sa kwalipikadong converter boxes na ibinebenta sa mga kalahok na consumer electronics retailers, at ang mga coupon ay dapat gamitin kapag bumibili. (Mangyaring tandaan na ang mga coupon na ito ay may bisâ lamang ng 90 araw pagkatapos ito ipadala). Tinatantiya ng mga tagagawa na ang digital-to-analog converter boxes ay ibebenta ng \$40 hanggang \$70 para sa bawat isa. Ito'y isang beses lamang na gastos. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Digital-to-Analog Converter Box Coupon Program, bisitahin ang [www.dtv2009.gov](http://www.dtv2009.gov), o tumawag sa 1-888-388-2009 (voice) o 1-877-530-2634 (TTY).

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Anong digital to analog converter boxes ang maaaring gamitan ng coupon?**

Ang National Telecommunications and Information Administration (NTIA) ay may listahan ng kwalipikadong boxes sa [https://www.ntiadtv.gov/cecb\\_list.cfm](https://www.ntiadtv.gov/cecb_list.cfm).

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Maaari ba akong magkabit ng mahigit sa isang TV at video recorder sa iisang digital-to-analog converter box?**

Kakailanganin mo ng isang digital-to-analog converter box para sa bawat TV set o ibang device (tulad ng VCR) na mayroong analog tuner lamang. Sa pangkalahatan, pinapalitan ng digital-to-analog converter box ang analog tuner sa iisang pirasong equipment. Kaya kung gusto mong gamitin ang iyong analog TV at VCR nang sabay (halimbawa, upang manood ng isang programa at sabay na mag-rekord ng iba), kailangan mo ng dalawang digital-to-analog converter boxes.

[Bumalik sa tuktok](#)



**Papalitan din ba ng digital-to-analog converter boxes (ginagamit upang i-convert ang over-the-air digital TV broadcasts upang mapanood sa analog sets) ang digital closed captioning?**

Oo. Ipinag-uutos ng mga patakaran ng FCC na makapagconvert ang digital-to-analog converter boxes ng over-the-air digital closed captioning para mai-display ito sa analog TV sets. Tingnan ang <http://www.fcc.gov/cgb/consumerfacts/dtvcaptions.html>.

[Bumalik sa tuktok](#)

**Mayroon akong lumang antenna na nakakabit sa aking TV gamit ang dalawang wire. Makakagamit ba ako ng converter box sa antenna na ito?**

Oo, pero kailangan mong kumuha ng dalawang adapter (na tinatawag ding “baluns” o ‘matching transformers,’ na nakalarawan sa ibabâ). Tanggalin ang tornilyo ng dalawang twin-lead antenna wire mula sa iyong TV “Antenna In” twin-lead terminals. Ikabit ang twin-lead antenna wire sa twin-lead terminals na nasa twin-lead adaptor (unang larawan sa ibabâ). Pagkatapos ay isaksak ang twin-lead adaptor coaxial connector sa “Antenna In (RF)” port sa Converter Box. Gamit ang coaxial wire, isaksak ang isang dulo sa “Out To TV (RF)” port na nasa Converter Box. Isaksak ang kabilang dulo sa isang coaxial adaptor (pangalawang larawan sa ibabâ). Pagkatapos ay ikabit ang coaxial adaptor sa iyong TV “Antenna In” twin-lead terminals.



[Pagtataguyod ng Ang iyong Digital-to-analog Converter Box](#) (Basic na may kambal-lead antenna wire)

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Mga Pangkalahatang Katanungan**

**Paano naman ang aking portable na de-bateriyang analog television? Magagamit ko ba ito upang manood ng broadcast television pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009?**

Ang portable na mga de-bateriyang analog TV ay maaaring makakuha ng over-the-air programming pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009 kung sila ay nakakabit sa isang digital-to-analog converter box. At dahil sa ngayon ay wala pang makukuhang de-bateriyang digital-to-analog converter boxes, ang isang external power source ay kakailanganin din. Kung walang utility power service sa lugar, maaaring isuplay ng isang external battery power station o ng isang emergency power generator ang kinakailangang power para sa converter box.

At saka mayroong mabibiling portable na de-bateriyang digital television. Kung ang iyong portable television ay naglalaman ng mga label o may markang "Integrated Digital Tuner," "Digital Tuner Built-In," "Digital Receiver," o "Digital Tuner," "DTV," "ATSC," o kaya "HDTV Built-In", dapat ay makakapanood ka ng digital over-the-air programming nang walang kinakailangang digital-to-analog converter box. Mangyaring magtanong sa electronics retailer kung mayroon nito at humingi sa kanya ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga produktong ito.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Gagana pa rin ba ang AM/FM radio sa aking analog TV pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009?**

Bagama't hindi naaapektohan ng digital television transition ang AM/FM radio broadcasting, ang paggana ng isang radio na nasa loob ng isang analog television ay depende sa device at sa iyong partikular na configuration.

Kung walang digital-to-analog converter box na nakakabit sa radio/television combination unit, ang radio sa iyong TV ay patuloy na gagana tulad ng dati.

Kung may digital-to-analog converter box na nakakabit sa iyong radio/television combination unit, at ang unit ay umaasa sa panlabas na antenna na nakakabit sa converter box para sa radio reception, ang radio ay gagana kung ang digital-to-analog converter box ay may analog pass-through feature. Ang NTIA ay may listahan ng analog pass-through capable boxes sa [www.ntiadtv.gov/cecb\\_list.cfm](http://www.ntiadtv.gov/cecb_list.cfm) (may asterisk). Ang radio ay gagana din kung ang unit ay hindi konektado sa isang digital-to-analog converter box.

Kung ang radio/television combination unit ay umaasa sa isang hiwalay na antenna para sa AM/FM radio na hindi konektado sa isang digital-to-analog converter box, dapat ito makakuha ng AM/FM radio broadcasts, nakakabit man ang unit sa isang digital-to-analog converter box o hindi.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Ang aking radio ay kasalukuyang nakakakuha ng audio ng TV channels. Gagana ba ito pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009?**

Ang mga radio na dinisenyo upang i-tune ang audio ng analog TV broadcasts ay hindi makakakuha ng audio ng digital TV broadcasts. Maigi ang kumuha ng bagong portable digital televisions o mga radio na makakakuha ng audio ng digital television broadcasts kapag mayroon nang ganitong mabibili.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Ang aking local AM/FM radio station ay nagre-rebroadcast ng audio ng isang TV channel. Patuloy pa rin bang ibibigay ng istasyon ng radyo ang serbisyong ito pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009?**

Ang audio at video sa isang digital television broadcast signal ay pinagsama sa isang paraan na maaaring mangailangan sa isang AM/FM re-broadcaster ng TV station audio na mag-instala ng karagdagang equipment upang ipagpatuloy ang ganoong serbisyo. Mangyaring magtanong sa iyong local radio AM/FM broadcaster upang malaman kung mimintinahin pa rin nila ang TV channel audio re-broadcasting.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Ang aking local television station ay nagre-rebroadcast ng AM/FM radio stations sa isang television channel. Mapapakinggan ko pa rin ba ang radio station re-broadcasts na ito sa aking TV pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009?**

Kung nagre-rebroadcast ang iyong local television station ng radio stations sa isang full-power television station channel, kailangan mo ng isang digital-to-analog converter box upang panoorin ang television channel na iyon at pakinggan ang anumang may kinalamang audio sa isang analog TV.

[Bumalik sa tuktok](#)

## **Patuloy pa rin bang makapagbibigay ang digital television stations ng emergency alerts?**

Oo. Ang digital television stations ay kinakailangang magpatuloy sa pagpapalakad ng Emergency Alert System (EAS). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa EAS, mangyaring bisitahin ang [www.fcc.gov/cgb/consumerfacts/eas.html](http://www.fcc.gov/cgb/consumerfacts/eas.html).

*[Bumalik sa tuktok](#)*

## **Ano ang low-power (LPTV), Class A, at TV translator stations at paano sila naapektohan ng DTV transition?**

Maaaring napansin mo na iniutos ng Congress na ang “full-power” TV stations ay hindi maaaring mag-broadcast sa analog pagkatapos ng ika-17 ng Pebrero 2009. Habang ang karamihan ng pinapanood na TV broadcast stations ay full-power stations, may tatlong ibang kategoriya ng TV stations – “low-power” stations, “Class A” stations, at “TV translator” stations. Kasalukuyang walang deadline para sa mga istasyon na ito na lumipat sa digital broadcasting.

Ginawa ng FCC ang low-power television (LPTV) service noong 1982 upang magbigay ng mga pagkakataon para sa locally-oriented television service sa mga maliit na komunidad. Ang mga komunidad na ito ay maaaring nasa rural areas o maaaring mga indibidwal na komunidad sa loob ng mas malaking urban areas. Ang LPTV stations ay pinapalakad ng mga iba’t-ibang grupo at mga organisasyon, kabilang ang mga high school at colleges, mga simbahan at mga relihiyosong grupo, mga lokal na gobyerno, mga malaki at maliliit na negosyo, at mga indibidwal na mamamayan. Mahigit sa 2,100 lisensyadong LPTV stations ang nagbro-broadcast. Maaaring kasama sa LPTV programming ang satellite-delivered programming services, syndicated programs, mga pelikula, at iba’t-ibang locally-produced programs.

Ang class A TV stations ay mga dating LPTV stations na may ilang interference protection rights na hindi makukuha ng LPTV stations. Ang mga istasyon na ito ay teknikal na katulad ng LPTV stations, pero hindi gaya ng LPTV stations, dapat silang mag-air ng tatlong oras man lamang ng locally-produced programming bawat linggo at tumupad sa karamihan ng mga hindi teknikal na regulasyon na umaaplay sa full-power stations. Humigit-kumulang sa 600 lisensyadong Class A TV stations ang nagbro-broadcast.

Ang isang TV translator station ay nagre-rebroadcast sa mga programa ng isang full-power TV broadcast station. Ang translator stations ay karaniwang nagsisilbi sa mga komunidad na hindi makakuha ng mga signal ng libreng over-the-air TV stations dahil masyado silang malayo sa isang full-power TV station o dahil sa kanilang lugar (tulad ng maraming taas-babâ o pagiging mabundok). Marami sa 4,700 na lisensyadong TV translator stations ang nagbro-broadcast sa mga mabundok o mas liblib pang mga lugar ng bansa.

Maraming paraan upang malaman kung ang broadcast stations na pinapanood mo over-the-air (gamit ang isang antenna sa bubong o “rabbit ears” na nakakabit sa iyong TV) ay LPTV, Class A o TV translator stations. Kinakailangang ipakita o sabihin ng Class A stations ang community of license at call sign ng kanilang mga istasyon (may kasamang suffix “-CA” para sa Class A) kapag nag-sign on, sign off, at bawat oras. Dapat din regular na sabihin ng LPTV stations ang kanilang station call sign. Para sa locally originating programming, kailangan nilang ipakita o sabihin ang kanilang call sign at community of license kapag sila’y nag-sign on, sign off, at bawat oras. Ang LPTV call signs ay maaaring binubuo ng apat na letra kasunod ng suffix na “-LP” (para sa low power) o kaya, limang character na magsisimula sa mga letrang K o W na susundan ng dalawang numero (ang kanilang operating channel) at dalawang karagdagang letra. At ang ilang TV translators ay nakikilala sa pamamagitan ng mga signal ng full-power TV stations na kanilang brino-broadcast muli. At maaaring regular na i-broadcast ng LPTV, Class A, at TV translator stations ang impormasyon tungkol sa kanilang status, at maaaring may kasama itong impormasyon tungkol sa DTV transition.

Habang ang ika-17 ng Pebrero 2009 na deadline para sa pagtapos ng analog broadcasts ay hindi umaaplay sa low-power, Class A, at TV translator stations, iutos ng FCC sa mga istasyon na ito na lumipat sa digital broadcasting makalipas ang ilang panahon. Halos 2,000 sa mga istasyon na ito ang binigyan ng awtorisasyon na magtayo ng digital facilities at ang ilan ay nagbro-broadcast

na sa digital. Kasalukuyang pinag-iisipan ng FCC ang mga natitirang isyu na may kinalaman sa low-power digital transition at gagawa ito ng mga desisyon tungkol sa mga istasyon na ito sa darating na panahon.

Kung mayroon kang analog lamang na TV na nakakakuha ng libreng over-the-air programming (gamit ang isang antenna sa bubong o “rabbit ears” sa TV), kailangan mong bumili ng isang digital-to-analog converter box upang manood ng digital broadcast television. Ang bawat tahanan sa U.S. ay karapat-dapat na makatanggap ng dalawang \$40 coupon na magagamit kapag bumili ng dalawang digital-to-analog converter boxes. Ang National Telecommunications and Information Administration (NTIA) ang namamahala sa coupon program. (Mangyaring tandaan na ang mga coupon na ito ay may bisâ lamang ng 90 araw pagkatapos ito ihulog). Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [www.dtv2009.gov](http://www.dtv2009.gov), o tumawag sa 1-888-388-2009 (voice) o kaya 1-877-530-2634 (TTY).

Kung bumili ka ng isang digital-to-analog converter box upang manood ng digital broadcasts sa isang analog TV at gusto mo ring patuloy na manood ng analog LPTV, Class A, o TV translator stations, dapat kang bumili ng isang converter box na may “analog pass-through” capability, na nagpapahintulot sa analog broadcast signals na dumaaan sa converter box para sa iyong analog TV. Ang TV Converter Box Coupon Program ng NTIA ay may certified converter box models na may analog pass-through capability. May makukuhang bagong listahan ng converter boxes na magagamitan ng coupon sa [https://www.ntiadtv.gov/cecb\\_list.cfm](https://www.ntiadtv.gov/cecb_list.cfm). Ang converter box models na may analog pass-through capability ay may asterisk sa tabi nila sa listahan. Bukod pa rito, ang NTIA ay magpapadala sa mail sa bawat tahanan na tumatanggap ng converter box coupons ng listahan ng kasalukuyang converter boxes na magagamitan ng coupon, at may asterisk ang mga may analog pass-through capability. Maaari mo ring tanungin sa iyong retailer kung ang converter box na binibili mo ay may analog pass-through capability.

Kung bumili ka ng isang digital-to-analog converter box na walang analog pass-through capability, maaaring kailangan mong magkabit ng antenna switch o isang signal “splitter” upang i-bypass ang box kung gusto mong manood ng analog TV broadcasts. Tanungin sa manufacturer ng digital-to-analog converter box at sa iyong retailer kung kailangan mo ng instructions kung paano ikabit ang box upang manood ng broadcasts mula sa kapwa analog at digital stations.

Dapat din maghanap ang viewers ng impormasyon mula sa kanilang LPTV, Class A, at TV translator stations tungkol sa mga plano na i-convert ang analog sa digital broadcasting. Dapat din bisitahin ng mga nanonood ang [www.fcc.gov](http://www.fcc.gov) para sa anumang mga update tungkol sa digital transition ng low-power, Class A, at TV translator stations.

Listahan ng Lahat ng Class A, LPTV, at TV Translator Stations: [Excel](#)

[Mababa ang kapangyarihan ng telebisyon Station Search Tool](#)

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Ano ang aking mga opsyon upang manood ng over-the air analog TV broadcasts mula sa LPTV o translator stations pagkatapos ng digital transition?**

Upang manood ng analog LPTV at translator station broadcasts na nakukuha gamit ang isang antenna, magagawa mo ang isa o higit pa sa mga sumusunod:

- Panatiliing nakakabit ang isang analog TV sa isang broadcast antenna upang manood ng analog LPTV at translator station broadcasts.
- Bumili ng isang digital-to-analog converter box na may analog pass-through capability. Para sa pinakabagong listahan ng digital-to-analog converter boxes na ipinahayag ng NTIA na kwalipikado para sa TV Converter Box Coupon Program, magklik sa [https://www.ntiadtv.gov/cecb\\_list.cfm](https://www.ntiadtv.gov/cecb_list.cfm) at hanapin ang mga kahon na may asterisk (\*) sa tabi nila. Ang analog pass-through ay nagpapahintulot sa iyong manood ng analog television broadcasts at digital television broadcasts sa pamamagitan ng converter box.
- Bumili ka ng isang digital-to-analog converter box na walang analog pass-through capability at pagkatapos ay magkabit ng isang “splitter” o antenna switch upang makuha

ang kapwa analog at digital broadcasts. Tanungin ang iyong consumer electronics retailer kung kailangan mo ng instructions kung paano ikabit ang box upang manood ng broadcasts mula sa kapwa analog at digital stations.

- Bumili ng isang digital television set. Ang isang TV na may built-in digital tuner ay makakatanggap ng kapwa analog at digital stations, kaya mapapanood mo ang kapwa digital programming at analog LPTV at translator station programming hangga't patuloy na nagbro-broadcast ang mga istasyon na ito sa analog.
- Mag-subscribe sa isang cable television o ibang pay service na mayroong analog station(s) na gusto mong panoorin.

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Magagamit ko ba ang parental controls tulad ng V-chip sa digital TV sa parehong paraan ng paggamit ko nito sa aking analog TV?**

Oo. Ang V-chip ay isang teknolohiya na nagpapahintulot sa mga magulang na harangin ang television programming batay sa rating ng isang programa. Ang ratings ay naka-encode sa television signal. Binabasa ng V-chip ang naka-encode na impormasyon sa rating ng bawat programa at hinaharang ang mga palabas alinsunod sa mga pinili ng mga magulang na dapat harangin. Ayon sa mga patakaran ng FCC, ang V-chips ay dapat built in sa digital televisions at iba pang DTV reception devices tulad ng para sa analog televisions. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ratings system, na tinatawag ding "TV Parental Guidelines," tingnan ang [www.fcc.gov/vchip](http://www.fcc.gov/vchip).

[Bumalik sa tuktok](#)

### **Bakit hindi pinupuno ng picture ng aking digital television ang buong screen? Bakit may lumalabas na bars sa ibabaw at ibabâ o sa magkabilang panig ng picture sa iba't-ibang programming?**

Ang traditional analog TV ay may aspect ratio of 4:3 (halos square). Ibig sabihin nito, ang isang TV screen ay 4 inches ang lawak para sa bawat 3 inches na ito'y mataas. Ang karamihan ng mga digital television ay may aspect ratio na 16:9 (rectangular) at tinatawag na "widescreen." Ang 16:9 aspect ratio ay mas kamukha ng itsura ng mga pelikula at dumarami ang programming na inaalok sa 16:9.



Kapag hindi nagtutugma ang aspect ratio ng television program at ng iyong TV set, maaaring may lumabas na bars sa ibabaw at/o mga gilid ng image upang siguraduhin na hindi madi-distort ang image.

Upang maayos na i-display ang 16:9 content sa isang 4:3 set, maaaring maglagay ang iyong digital television o digital-to-analog converter box ng bars sa ibabaw at ibabâ ng image – isang proseso na tinatawag na "letterboxing."

Katulad din nito, upang maayos na maipakita ang 4:3 content sa isang 16:9 television set, maaaring maglagay ng bars sa magkabilang panig ng screen – isang prosesong tinatawag na "pillar boxing."



At ang ilang mga programa ay "letterboxed" o "pillar boxed" habang brino-broadcast. Halimbawa, maraming mga patalastas ang ginagawa sa analog nang may 4:3 aspect ratio, pero ipinapalabas nang may letterboxing para magmukhang "modern" o para mag-iwan ng lugar para sa text o subtitles. Kapag ang



ganoong patalastas ay ipinalabas habang may widescreen (16:9) program, gagawin din itong pillar-boxed. Ito’y nauwi sa isang 16:9 format broadcast na mayroon ng bars sa ibabaw at sa ibabâ nito. Kapag ang ganoong broadcast ay pinanood sa isang 16:9 set, ito’y nauwi sa bars na lumalabas sa ibabaw, ibabâ, at sa magkabilang panig – na tinatawag na “postage stamp.”




Maraming digital-to-analog converter boxes at digital televisions ang nagpapahintulot sa iyong mag-“zoom” sa image upang tanggalin ang bars. Dahil dito, maaaring maputol o ma-“crop” ang bahagi ng image. Ang ilang digital-to-analog converter boxes at digital televisions ay nagpapahintulot ding baguhin ang image upang magkasiya sa screen, sa pamamagitan ng “stretching” o “squeezing” ng image. Mangyaring tingnan ang owner’s manual ng iyong digital television o digital-to-analog converter box para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paano tatanggalin ang bars sa pamamagitan ng zooming, stretching o squeezing ng image sa iyong screen.

[Bumalik sa tuktok](#)

**Bakit mukhang “mas malinaw” ang ilang mga programa kaysa sa iba sa aking digital television?**

Depende sa iyong TV, maaaring mapansin mo na ang resolution ng picture ay nagbabago sa pagitan ng mga programa. Sa isang higher resolution television, ang lower resolution channels o programming ay lalabas sa kanilang lower resolution. Sa gayon, kapag lumipat mula sa isang channel o program na brino-broadcast sa isang high resolution patungo sa isang channel o program na mas mababâ ang resolution, talagang mapapansin ang image quality.

Ang resolutions na maaaring magamit ng broadcasters ay:

<p><b>Standard Definition TV (SDTV)</b> - Ang SDTV ay ang basic level ng quality display at resolution para sa kapwa analog at digital. Ang transmission ng SDTV ay maaaring nasa traditional (4:3) o widescreen (16:9) format at binubuo ng 480 interlaced lines of resolution.</p>	
<p><b>Enhanced Definition TV (EDTV)</b> - Ang EDTV ay mas mahusay sa analog television at Standard Definition digital television. Ang EDTV ay lumalabas sa widescreen (16:9) o traditional (4:3) format at nagbibigay ng 480 progressively scanned lines of resolution. Ito’y humigit-kumulang sa dalawang beses na mas mahusay na resolution kaysa sa SDTV at ito ang format na pinaka-karaniwang nakikita sa mga DVD.</p>	
<p><b>High Definition TV (HDTV)</b> - Ang HDTV sa widescreen format (16:9) ay nagbibigay ng pinakamataas na resolution at picture quality ng lahat ng digital broadcast formats. Ito’y binubuo ng alinman sa 1080 interlaced o kaya 720 progressively scanned lines of resolution at nakakapag-transmit ito ng digital surround sound.</p>	

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang [www.dtv.gov/DTV booklet.pdf](http://www.dtv.gov/DTV_booklet.pdf).

[Bumalik sa tuktok](#)

**Huling rebyu/update noong 09/11/08**